# Chapter-3

Khell Pov

"Let's eat" pag-aya ko sa kanya na akmang kukuha ito ng slice bread sa ref.

Kahit hindi naman kami good terms ni Christell ay ayaw ko naman magutom ito kapag papasok sa University. Baka bigla itong mahimatay habang nagtuturo.

Walang salita itong umupo habang ako ay nagpatuloy lamang sa pagkain. Hindi talaga kami nag eexist sa isat-isa, iniisip ko palang na pinapatay na niya ako sa isipan nito ay napapangiwi na ako.

When i done eating lumabas ako mula sa kusina, para kunin ang bag ko at nauna nang umalis. Hindi ko ito pwedeng hintayin dahil may kotse siya at ako wala, kailangan ko pang mah commute.

Sa tatlong taon namin kagabi niya lang ako pinasakay at kahit gusto ko magtanong ay hindi ko magawa.

Naglakad na naman ako pala sa subdivision at pumara ng jeep, sobrang hassle talaga ang ganito.

Pagkarating ko sa University ay sa classroom ako dumiretso. Nagulat pa ang mga estudyante dahil masiyado akong maaga. Well 7:50 palang naman at mamayang 8:30 pa ang pasok. Ang layo kasi ng o ice sa classroom.

"Good morning Miss Cameron"

"Good morning class"

"Ma'am diba po may asawa na kayo? Bakit Cameron pa rin ang dala niyo at Miss pa rin ang tawag namin sa inyo?" curious na tanong ng estudyante ko.

"Ayaw ko lang"

"Pwede ba yon?" natatawang tumango ako.

"Ano po ba ang apelyido ng asawa niyo ma'am" tanong nito muli.

"Baka Vasquez" ani ko. Pointing my mother middle name.

"Vasquez? Hindi naman kayo sure ma'am eh"

"Oo nga ma'am! Inuuto mo ata kaming lahat" mahina akong natawa at tinignan ang wrist watch ko. 8:25 na pala.

"So let's start na discussion" lahat sila nakinig. "What is the topic yesterday?" I asked.

"Metaphysics" sabay-sabay na banggit nila.

"Its all about?"

"It's all about the abstract theory with no basis in reality"

"Very Good class! A er nito magpapaquiz ako" I said. Lahat sila ay umangal. "Class listen! Marami sa inyo ang hindi pumasa sa quizes ko at kailangan niyong bumawi I know na freshmen kayo, at kailangan niyo mahasa pagdating sa philosophy under sa kursong kinukuha niyo, Understood?"

"Yes ma'am" wika nila ng sabay-sabay.

Ilang discussion pa ang ginawa ko hanggang sa pabalik-balik kami sa umpisa dahil masiyado nilang hindi nagegets kung ano ang pinagkaiba ng Metaphysics sa reality or mind control.

Nang matapos ako sa pagdiscuss ay agad akong nagpa quiz.

"Pass your paper class" I said. Lahat sila ay pumunta sa harap at pinasa ang kani-kanilang mga papel. Nang mag lunch break ay tanging sa o ice lang ako tumambay.

"Lunch" bungad nito sa malamig na boses ng makapasok. I refused again.

"Lunch" she said again. Hindi ko ito pinansin at inabala ang sarili sa harap ng laptop. "Cameron!" sigaw nito.

"Hindi nga ako kakain" wika ko at inis na tinignan ito. Katulad ng mga araw na kanyang ginagawa nito ay pabagsak nitong sinara ang pinto ng o ice ko. Napapikit na lamang ako para pigilan ang inis.

Ano ba ang problema ng babaeng yon. Masiyadong mainitin ang ulo, malamig na bumubuga ng apoy. Fire/Ice dragon ata ang babaeng yon.

Nasa kalagitnaan ako sa pagchecheck ng quizes ng bumukas ang pinto, hindi ko iyon pinansin hanggang sa may lumapag na paperbag sa ibabaw ng table ko.

STORY CONTINUES BELOW

Gulat akong napa-angat ng tingin. Hindi ko alam ang nararamdaman ako at basta na lang siyang parang drum na tumatambol sa loob.

"A-ano ang ginagawa mo dito?" I asked. Hindi ito nagsalita at isa-isang inalis ang laman na iyon, inilapag nito sa harap ko ang tupperware na may lamang wa le. Kagat labi kong pinigilan ang ngiti.

At ang isa naman ay inilapag nito sa harap ko ang kanin at ulam.

"Eat this, and when you finished, you can ate those wa le" sabay turo nito sa tupperware.

Taka ko itong tinignan pero umiwas lamang.

"A-anong kinain mo?" tanong ko. She frowned and hissed. "May lagnat kaba?" I asked again. Hindi ito nagsalita at walang salitang lumabas na naman sa o ice ko.

Wala naman masama kung magtatanong ako. Baliw na babaeng yon, pinapa-iral na naman ang lamig.

Tinapos ko na lamang ang pagla-lunch na nakangiti. Libre niya to for sure, hindi niya siguro ako sisingilin mamaya.

Pagsapit ng hapon ay nauna akong nakarating sa bahay habang siya ay alas nwebe na, sisinghalan ko sana ito ng maamoy ko ang alak sa kanyang katawan.

"Teka uminom ka?" tanong ko, dahil namumula ang kanyang mukha.

"Tabi" singhal nito sa akin. Imbes na tumabi ay inalalayan ko ito. "Ano ba" sigaw nito. Naipikit ko na lamang ang mata ko dahil sa lakas ng kanyang boses kunti na lang masisira na ang eardrum ko.

"Tutulungan kita papunta sa kwarto mo" turan ko at akmang hahawakn ulit ng lumayo ito.

"Don't touch me and don't come near me" napabuntong hininga akong tumango at umupo sa couch. Hinayaan ko ito hanggang sa maka-akyat.

Ano ba ang problema ng babaeng yon? Palaging mainit ang dugo sa akin. Akala mo araw-araw dinadatnan.

Pinagpatuloy ko na lang ang panunuod hanggang sa tumunog ang cellphone ko, agad ko iyon sinagot ng makita ang pangalan ng kapatid ko.

"Hello—"

"Ate, kumusta po?"

"Okay naman ako, ikaw ba?" saad ko at kinuha ang remote para hinaan ang volume ng tv.

"Maayos naman kami"

"Kami?"

"Ano kasi ate, nandito ako sa bahay" natahimik ako. "Ate?"

"Ah okay" tanging saad ko at pinatay ang tawag, wala na ako sa mood.

"Avhell Khell!!" sigaw mula sa taas, tarantang napatayo ako pero agad rin napangiwi dahil alam kong hindi ako pwedeng tumapak sa hagdan nito. "Damn! Avhell" sigaw nitong muli.

"Ano!" sigaw ko rin. Para kaming aso't-pusa. Gabi na nagsisigawan pa rin kami.

"You dimwit come here! Fuvk this alcohol"

"You said three years ago hindi ako pwedeng tumapak sa hagdan mo" sigaw ko rin pabalik habang naka cross ang kamay ko sa aking dibdib, bahala siya diyan, baka bigla akong sipain pababa kapag wala siyang permiso na aakyat ako.

"You can ugh-fuvk this" kahit nag-alala na ay hindi ko pa rin magawang tumapak. "You can step on the stairs na" wika nito, patakbo akong umakyat at hinanap ang boses nito. Kumatok muna ako bago pumasok dahil sa pinakadulong bahagi ang kanyang kwarto.

"What?" I asked when I entered to her room. I gasp when I saw our weeding photos. "Don't stare that" she said. Kagat labing pinigilan ko ang ngiti.

Isa lang masasabi ko maganda ang kwarto nito, maybe she loves dark color dahil naka lampshade nga lang ay hindi ko gaano maaninag ang kabuuan.

"Fuvk" napabaling ulit ang tingin ko dito.

This is my first time entering to her room. Marami rin picture frame pero hindi ko maaninag kung kaninong mukha ang mga iyon.

"Bat ka kasi uminom?" wika ko. Hindi ito nagsalita at siniksik ang mukha sa aking leeg. I gasp again.

"Christell"

"Why do you smell so good" she said. Hindi ako nagsalita. Pero ramdam ko ang mga nagrarambulan kong puso habang napapalunok pa.

Dahan-dahan ko itong hiniga, nakapikit na ang mata nito at malalim na rin ang kanyang paghinga.

Tulog na nga ito, hindi ko pwedeng alisin ang damit nito pero amoy alak ito at baka magigising rin.

Napapailing na pinagmasdan ko ito. Bahala na bukas.

Kumuha ako ng damit nito sa kanyang closet at ang terno nito ang kinuha ko. Dahan-dahan kong inalis ang comforter sa kanyang katawan at dahan-dahang hinubad ang damit nito.

"D-don't touch me" nahihirapang sambit nito at tinabig ang kamay ko.

"Hey stop" saad nitong muli ng unti-unti kong itaas ang damit nito. Para akong mawawalan ng hininga habang tinataas ang kanyang damit. "Please stop" wika nitong muli at tinabig na naman ang kamay ko.

"Kailangan mong bihisan" wika ko, hindi ito umangal kaya naman mabilis na ang paghubad ko sa damit nito. Pakiramdam ko ay pinapawisan ako habang ginagawa ko iyon.

Nang matapos ay agad ko itong kinumutan at lumabas na rin sa kanyang kwarto. The weeding picture is captured my heart, napangiti na naman ako ng maalala ko iyon.

Pakiramdam ko ay napaka-special ko sa kanya. Napapailing ako sa aking iniisip at bumaba na ng hagdan, tulad ng sinabi ng mommy nito ay may mga kwarto nga ito.

Tinungo ko ang kusina at agad na uminom ng tubig, natuyo ata ang lalamunan ko kakapigil ng hininga ko.

Hindi ko maipapagkaila na sexy ang hubog ng kanyang katawan, nakakahiyang tumabi sa kanya, pati siguro langaw ay mahihiya sa kanya.

Napapailing na pumasok ako sa kwarto at agad nahiga, dala na rin siguro ito ng antok at sama ng loob sa pamilya ko.

Kinabukasan ay maaga akong nagising, naabutan ko ito sa kusina na nagkakape. Na alala ko na naman ang pangyayari kagabi, agad kong pinilig ang ulo ko para mawala iyon sa isipan ko.

Masama ang tingin nito sa akin at tila sinusuri ang buong pagkatao ko. "Lakas ng amats mo makatingin" inis na sambit ko. She avertize her gaze and sip her co ee.

Binuksan ko naman ang kalan para mag-sangag ng kanin na natira kagabi at nagluto lang ng hotdog kasi iyon lang available. Paubos na rin pala ang stock.

"Wala nang stock" saad ko, nakakasawa na rin kumain ng frozen goods, at nag-crave pa ako ng sinigang pati tinolang manok.

"And then?" laglag pangang tinignan ko ito.

"Malamang wala na tayong kakainin" pabalang na wika ko. Alangan magtutunganga kaming dalawa.

"Anong gusto mong gawin ko?" malamig na saad nito, seryoso ba talaga ang Professor na ito?. Sabagay laking mayaman to eh, kaya walang alam.

"Kailangan ko nang pera, para pang grocery" turan ko. Nakatingin ito sa akin.

Agad akong tumalikod at pinatay ang kalan. Nilagyan ko na rin ang pinggan namin at inilapag ito sa kanyang harapan. "Oh ayan pang-umagahan na may kasama na masamang loob" wika ko at sumubo.

"The heck"

"Huwag kang mag-mura kung sa harap ka nang pagkain, tinataboy mo yung swerte" inis na wika ko.

"I'm chinese and I also know what luck is and what's not" she said.

"Eh ano naman? Iba naman paniniwala naming mga pilipino" inismaran ko ito.

"God" she said at sumubo ng kanin.

"Akin na ang pera mo para naman may pang grocery ako— ano ba huwag mo nga akong tignan ng ganyan, hindi ako mayaman tulad mo" wika ko dahil ang sama na naman ng kanyang tingin. "Ayaw kong mamatay sa gutom kapag walang stock ang ref" turan ko pa.

Hindi ito nag salita at tinapos na lang ang pagkain, ganon rin ako. Nang matapos akong kumain ay lumabas ako ng kusina at tinungo ang sala. Masiyado pang maaga.

Sa nakalipas na araw napapansin ko ang madalas ko na pag-iingay at pagkakausap sa babaeng antarctica na iyon. I heave sigh and massage my temple.

"Here" napa-angat ako ng tingin at tumingala. Hindi ko napansin na nasa harapan ko na pala ito.

May hawak itong card. I mean yellow card.

"A-aanhin ko yan?" nauutal na tanong ko.

"You can used this, I don't have any cash" wika nito at nilapag sa ibabaw ng table. Napa-maang ko itong tinignan. "What?" umiiling ako at hindi makapagsalita. Nakakahiya talagang tumabi sa kanya. Pakiramdam ko isa akong hampaslupa tapos siya ang reyna.

Nauna itong lumabas nang walang pasabi habang ako naman ay nakatingin pa rin sa card sa ibabaw ng table.

"Damn, my sugar mommy" I chuckled at kinuha ang card na iyon, inilagay ko iyon sa loob ng bag ko.

Nilock ko muna ang bahay bago lumabas ng gate, nilakad ko ulit ang exit ng subdivision at pumara ng jeep. Nang makarating sa University ay dumiretso na ako sa classroom.

Katulad kahapon ay nagpa-oral recitation ako at nag pa quiz hanggang sa matapos ang oras ko ay tumambay ulit ako sa o ice. Ayaw ko lang lumabas tuwing tanghalian at makipag-siksikan sa mga estudyante sa cafeteria.

"Lunch" she said nang makapasok. Ganito na ata routine niya sa loob ng tatlong taon, ni minsan ay wala itong absent.

"No thanks" I said coldly.

"K" wala itong nagawa at pabagsak na lumabas ng o ice ko.

I just shrugged my shoulder. Nag ccrave ako ng wa le pero masiyadong wala akong oras para bumili at wala akong I phone o touchscreen na cellphone para mag scrolldown at mag order ng pagkain.

"Fuvk" i cursed under my breath, sumasakit talaga ang ulo ko at pakiramdam ko ay lalagnatin ako.

Binuksan ko ang isang botones ng suot ko dahil sobrang init, kahit may aircon naman dito. "Damn what happened to me?" I asked myself.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinawagan ang number ni Christell na agad niya naman sinagot.

"What—"

"C-come here" I weakly said.

"Avhell!" sigaw ng nasa kabilang linya, huling narinig ko bago ako nawalan ng malay.

Continue reading next part